| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **MaTaTaG** *Kindergarten* **Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | **Visit DepEdResources.com for More** | **Petsa:** | |
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Lingguhang Bilang** | 2 |
| | **Pangkat:** | | **Markahan** | 2 |
| | **Tema:** | **Exploring our Community** | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners understand the value of discipline, honesty, respect, friendship, and care and concern. |
| **B. Pamantayan Pagganap** | The learners demonstrate proper discipline, honesty, respect, friendship, and care towards |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | ● Follow rules and regulations in going to different places<br>● Demonstrate proper ways of caring and protecting one's community<br>● Recognize that sounding off letters form words<br>● Identify familiar sounds in the environment<br>● Describe the different places and persons belonging in one's community<br>● Classify common objects in the environment according to colors and shapes<br>● Demonstrate proper behavior in various situations and places in the community. |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | ● Mabatid ng bata na mayroong iba't ibang lugar ng pagkatuto. (mga paaralan, daycare centers at mga silid-aklatan)<br>● Malaman na mayroong ring iba't ibang lugar sa loob ng paaralan kung saan maari silang matuto at maglaro.<br>● Makilala ang mga tao sa paaralan na mayroong iba't ibang tungkulin o gampanin.<br>● Mabatid ng bata ang kahalagahan ng pagpasok sa paaralan. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Ito ang mga lugar ng pagkatuto sa aking komunidad. |

**Tala sa Guro:**

Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (theme), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

<table>
<tr><th>BLOCKS OF TIME</th><th>LUNES</th><th>MARTES</th><th>MIYERKULES</th><th>HUWEBES</th><th>BIYERNES</th></tr>
<tr><td>Arrival Time<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng classroom upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila habang pumapasok sa silid-aralan.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-umpisa ng klase.<br>Matapos ang sampung (10) minuto, kantahin ang “Isa, Dalawa, Tatlo” o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata at maging handa na para sa Meeting Time.<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng paggawa nito.)</td></tr>
<tr><td>Meeting Time<br>(15 minuto)</td><td colspan="5">Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>} (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o doon mismo sa kanilang silid-aralan.)<br><br>Kumustahan (Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanoood o Napakinggan nila, current events)<br>Balitaan<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay <u>(e.g., Linggo)</u><br>Ngayon ay ____________________Bukas ay ______<br>Ang petsa ngayon ay ika ____________ng _____taon<br><br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br>Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki).<br>Ilan ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki?<br>Bilangin natin.<br><br>(Sumangguni sa Teacher’s Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Maaari akong matuto sa iba't ibang lugar sa aking komunidad.<br>Nariyan ang mga paaralan, daycare centers at mga silid-<br>aklatan. | Mayroong mga tao sa aking paaralan na mayroong iba't ibang tungkulin o gampanin. | Mahalaga ang bawat miyembro ng paaralan. | Para matuto sa paaralan, kailangang marunong makipag- sundo sa mga kaklase, guro at iba pa. | Mahalaga na pumapasok sa paaralan ang mga bata. |
| **Mga Katanungan** | Ano ang mga lugar sa ating komunidad kung saan maaari kayong matuto?<br>Sino-sino ang maaaring magtungo sa mga lugar na ito upang matuto?<br>Ano-ano ang mga maaari ninyong matagpuan sa mga lugar na ito?<br>Ano-ano ang maaaring gawin ng mga bata sa mga lugar na ito? | Sino-sino ang maaari ninyong makilala sa ating paaralan?<br><br>Ano ang kanilang trabaho o tungkulin sa ating paaralan?<br><br>Paano nila kayo matutulungan? | Ano ang kahalagahan ng gampanin ng bawat miyembro ng paaralan? | Ano-ano ang maaaring gawin upang magkasundo-sundo ang mga bata sa silid- aralan?<br><br>Bakit kailangang humanap ng paraan upang magkasundo- sundo ang mga bata? | Ano-ano ang mga natututunan ng mga bata sa paaralan at bakit mahalagang pumasok at mag-aral? |
| **Work Period 1** (45 minuto) | Awitin natin ang 'Kaibigang Libro'. | | | | |
| | **Kuwento**: At Our School (Akda ni Rosemarie Lofranco \| Guhit ni Patrick Concepcion, USAID, ABC + Project)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/konsepto sa kuwento. Isulat ang mga sumusunod sa pisara: | **Kuwento**: Sino po Sila? Sa Paaralan (Akda at guhit ni Jomike Tejido, Anvil)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/konsepto sa kuwento. Isulat ang mga sumusunod sa pisara:<br>-lumikha<br>-iskultura | **Panayam:** Sa halip na magbasa ng kuwento, anyayahan ang isang tagalinis sa paaralan na bumisita sa klase upang makapanayam ng mga bata.<br>Kailangang sila ay maanyayahan nang maaga pa upang makumpirma ang kanilang pagdating sa araw na ito. | **Kuwento**: It's More Fun Together (Akda ni Angeli Ludovico\| Guhit ni Rea Diwata Mendoza, USAID, ABC + Project)<br><br>**Pagganyak**<br>Ano-ano ang ginagawa ng mga bata sa paaralan?<br>Ano ang kailangang | **Kuwento**: Bahay ng Marami't Masasayang Tinig Sinulat at iginuhit ni Ricardo Uzon Guhit ni Kora Dandan-Albano (Adarna, 2022)<br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/konsepto sa kuwento. Isulat ang mga sumusunod sa pisara: |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | -paaralan<br>-aklatan<br><br>**Pagganyak**<br>Ano-ano ang mga maaari mong makita sa paaralan?<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br>Sino-sino ang nakita ng mga bata sa kanilang paaralan? Ano ang ginawa ng mga bata nang nilibot nila ang paaralan? | -obra maestra<br>-namamahala<br>-mahiram/hiram<br><br>**Pagganyak**<br>Sino-sino ang mga nakikita natin sa paaralan?<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br>Sino- sino ang mga nakita ng mga bata sa paaralan? Ano-ano ang kanilang ginagawa sa paaralan? | **Pagganyak**<br>Kilala ba ninyo ang mga tagalinis sa ating paaralan?<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br>Ano-ano kaya ang gawain niya sa ating paaralan? Ano ang gusto ninyong malaman tungkol sa kanya? | gawin kapag magkaiba ang nais gawin ng kapwa mag-aaral?<br><br>**Pangganyak na Tanong**<br>Paano nagkasundo ang dalawang bata sa kuwento? | -Badyaw<br>-mapagbintangan<br>-silbato<br>-malas<br>-umaalingawngaw<br>-kagalang-galang<br>-barong-barong<br>-ulilang lubos<br>**Pagganyak**<br>Ano-ano ang ginagawa ng mga bata sa paaralan na maingay? **Pangganyak na Tanong**<br>Bakit hindi alam ni Palasia at Hajulani kung ano ang nangyayari sa akala nilang bahay?<br>Ano ang nakita nila sa loob? |
| **Teacher's Supervised Activity** | **Talakayan**<br>Pag-usapan kung sino-sino ang mga nakita at nakilala sa kuwento.<br>Pag-usapan na mayroong iba pang mga lugar maliban sa paaralan kung saan maaaring matuto ang mga bata, tulad ng mga daycare centers. Itanong din sa mga bata kung sino-sino sa kanila ang nag aral sa day care center.<br>Maaaring magpakita | **Talakayan**<br>Pag-usapan kung sino- sino ang nakita nila sa kuwento na nasa paaralan.<br>Pag-usapan kung sino- sino sa kanilang paaralan ang may ganitong tungkulin.<br>Sabihin sa mga bata na sa Miyerkules ay mayroong dadating na bisita sa klase. Sabihin ang kanyang pangalan at gampanin sa paaralan. | **Talakayan** Pagkatapos ng panayam,ipakita muli ang KWLQ Chart at tanungin ang mga bata kung ano ang sinabi ng taong kanilang nakapanayam tungkol sa kanilang mga ginagawa sa paaralan.<br><br>**Gawain:**<br>Gamit ang naitalang mga tanong sa KWLQ Chart noong isang araw, balikan at | **Talakayan**<br>Pag-usapan kung ano ang mga pwedeng gawin kapag hindi nagkakasundo sa mga gawain sa klase at paano magkakasundo.<br><br>**Gawain:**<br>Laruin ang Sabi ni Simon | **Talakayan**<br>Pag-usapan kung bakit hindi alam ng mga bata sa kuwento ang tungol sa tinatawag nilang bahay.<br><br>**Gawain:**<br>Pagtalakay ng larawan ng ibang Bata sa aking paligid (Mula sa Takdang Aralin ng Q2 Week 1, Biyernes)<br>Pag-usapan ang kanilang iginuhit mula sa kanilang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ng mga litrato ang guro upang makita ng mga bata ang kaibahan at pagkakahawig ng kanilang paaralan at ang daycare center.<br>Tanungin din kung sino-sino ang maaaring makita sa daycare center na mga tumutulong sa bata.<br>Sabihin sa mga bata na sa Miyerkules ay mayroong dadating na bisita sa klase. Sabihin ang kanyang pangalan at gampanin sa paaralan.<br><br>**Gawain:**<br>Pagkilala sa mga tao sa loob ng Paaralan<br><br>Gumawa ng tsart ng mga taong nagtatrabaho sa loob ng paaralan. Ilang ang mga guro, tagalinis, principal, kawani ng opisina, nars, librarian, at iba pa | **Gawain:**<br>Bago ang panayam sa tagalinis, gumawa ng *KWLQ Chart.* Kumuha ng isang malaking papel at hatiin ito sa apat na hanay (column).<br>Ang unang hanay *(What do the children know?)* ay para sa mga kaalaman ng mga bata tungkol sa mga ginagawa ng mga tagalinis sa kanilang paaralan.<br>Ang pangalawang hanay (*What do the children want to know?*) ay para sa mga bagay na nais malaman ng mga bata mula sa kanilang kakapanayamin.<br>Ang pangatlong hanay (*What did the children learn?*) ay para sa mga bagay na natutunan ng mga bata mula sa panayam.<br>Ang pang-apat na hanay (*What questions do the children have after the interview?*) ay para sa mga bagong katanungan ng mga<br>bata pagkatapos ng | punoin ang ikatlo at ikaapat na hanay.<br>Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang bagong natutunan mula sa panayam at itala ito sa ikatlong hanay (L).<br><br>Hikayatin din ang mga bata na mag-isip ng mga bagong tanong mula sa panayam.<br>Tanungin kung ano ang nais pa nilang malaman mula sa tagalinis. Itala ito sa ika-apat na hanay (Q).<br><br>Maaari ring kumuha ng mga litrato upang mai-document ang panayam. | | takdang- aralin noong nakaraang Biyernes ang tungkol sa mga batang nakita nila na hindi pumapasok sa paaralan.<br>Ipadala ang Takdang-Aralin na ibinilin noong nakaraang Biyernes.<br>Tumawag ng ilang boluntaryo na magkukuwento kung ano ang nakita at kanilang iginuhit.<br>Pagkatapos pagkuwentuhan, ipaskil ang mga iginuhit na larawan sa pisara o sa dingding ng silid-aralan. |
| | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | panayam.<br>Bago ang panayam, tanungin muna ang mga bata kung ano ang alam nilang ginagawa ng mga tagalinis sa kanilang paaralan at isulat ang kanilang mga sagot sa unang hanay (What the children Know). Itala ang pangalan ng bata matapos ang kanyang sinabi. Hal., *Si Ate ay nililinis ang upuan at mesa namin.* (Raffy)<br>Tanungin ang mga bata tungkol sa kung ano ang nais nilang malaman mula sa kanilang mga kakapanayamin at isulat ang kanilang mga sagot sa pangalawang hanay (W). Ang mga ito ang kanilang mga itatanong sa panayam. Itala rin ang pangalan ng bata gaya sa unang hanay. Sumangguni sa Apendiks.<br><br>Umawit muna ng kahit anong *transition song* para mag *settle* ang mga bata. Matapos ay ipakilala ang titik Ss. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Marungko** | **Titik Ss**<br>• Pagpapakilala ng tunog<br>• Pagpapakilala ng hugis ng tunog (lip formation when making the letter sound)<br>• Pagpapakilala ng letra<br>**Gawain**<br>Hanapin ang Titik Ss (Sumangguni sa KLAS 1 ng Kwarter 2 Linggo 2 para sa kopya ng gawain) | **Titik Ss**<br>• Pagsulat ng hugis ng letra sa hangin, sa sahig, sa palad, atbp.<br>• Pagsulat ng hugis ng letra sa papel.<br>**Gawain**<br>Sandbox (Ipaguhit sa mga mag- aaral ang letrang Ss sa buhangin ng kani-kanilang sandbox.) | **Titik Ss**<br>• Pagpapakilala ng mga larawan ng mga bagay na nagsisimula sa tunog ng letra<br>• Pagsusulat ng simulang tunog<br>**Gawain**<br>Gamit ang i-spy na laro at hanapin ang mga Titik Ss sa silid-aralan<br><br>(Sumangguni sa Apendiks) | **Titik Ss**<br>Balik Aral ng mga tunog ng mga naunang naiturong titik: Mm, Ss, Aa, Ii<br>**Gawain**<br>Ayun Nakita Ko! Gumuhit ng 4 na bagay na nakita nila papunta o pauwi sa paaralan. (Sumangguni sa KLAS 2 ng Kwarter 2 Linggo 2 para sa kopya ng gawain) | **Titik Ss**<br>• Pagsasama ng mga tunog upang makalikha ng isang makabuluhang salita (Mm. Ss)<br>**Gawain**<br>Basahin, isulat, iguhit (Sumangguni sa KLAS 3 ng Kwarter 2 Linggo 2 para sa kopya ng gawain) |
| **Supervised Recess**<br>(15 minuto) | Mga bata sampung (10) minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5. (Puwede hanggang 10 o 20 kung kailangan.)<br>Tawagin natin si , ang ating tagapanalangin o *prayer leader* (ayon sa Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating meryenda.<br>Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Pagkahugas ng kamay, kakain na ng mga bata ang kanilang baon.<br>Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan? At iba pa. Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsesepilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. Maaari ding magpalit ng damit kung kinakailangan.<br>Magpahinga na ang tapos. | | | | |
| **Quiet / Nap Time**<br>(10 minuto) | Iparinig o kantahin ang awiting "Ang Munting Bituin" o iba pang uyayi (lullaby) habang nagpapahinga ang mga bata.<br><br>Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin natin uli ang 'Masaya Kung Sama-sama' o iba pang kanta na puwedeng gamitin. | | | | |

<table>
<tr><td rowspan="2">Work Period 2<br>(40 minuto)</td><td colspan="5">Aralin ang kantang “Ikot-Ikot”<br>May mga inihandang set ng gawain sa bawat grupo o mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ang gagawin.</td></tr>
<tr><td colspan="5">Ipakuha o ipalabas sa mga mag-aaral ang kani-kanilang mga pamilang; pagkatapos ay paupuin sila sa mga mesa. Sabihan silang maglabas ng pito (7) na pamilang.</td></tr>
<tr><td>Magbilang Tayo</td><td>Mga Pamilang Sabihan ang mga batang ilatag ang kanilang pamilang sa isang hilera sa kanilang harapan sa mesa.<br>Itanong ang mga mag-aaral: Ilang pangkat ng tig-iisa ang mayroon sa pito? Ipakita ninyo gamit ang pamilang.<br>Ipagpatuloy ang pagtatanong: Ilang pangkat ng tigdadalawa (tigtatatlo, tig-aapat, …hanggang tigpipito) ang mayroon sa pito?<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang anumang napapansin o obserbasyon tungkol sa pagpapangkat na kanilang ginagawa.<br>Umikot sa mga mesa habang ginagawa ang buong gawain, upang gabayan ang mga batang nangangailangan ng tulong o gabay.</td><td>Lahat Pito<br>Ipalatag sa mga bata ang kanilang pamilang sa isang hilera sa kanilang harapan sa mesa. Bigyan ang bawat bata ng papel (¼ na bond paper o likod ng printout) at mga pangkulay.<br>Sabihan silang bumuo ng sari-sariling pag- aayos (formation) ng kani-kanilang pito na pamilang.<br><br>Ipaguhit ang ginawa nilang pag-aayos.<br><br>Idikit ang mga ginuhitang papel sa isang Manila paper o likod ng lumang kalendaryo. Maaaring ipakita ito sa buong klase at pag-usapan ang iba’t ibang paraan ng pag-aayos ng pito na pamilang.</td><td>Ten Frame Activity<br>Bigyan ang bawat bata ng isang ten frame (Sumangguni sa Linggo ____________para sa panuto ukol sa paggawa nito).<br>Ipagpares ang mga magkakatabing mag-aaral. Sabihan silang ibabahagi nila ang kanilang pamilang sa kanilang kapareha. Ito ay upang magkaroon ng dalawang uri (o kulay) ng pamilang ang bawat bata.<br>Gamit ang dalawang uri/kulay ng pamilang, bubuo ang mga mag- aaral ng pito sa ten frame: dalawa (isang uri/kulay ng pamilang) sa itaas na hanay, at lima (ibang uri/kulay ng pamilang) sa ibabang hanay.<br>(Sumangguni sa KLAS 4 ng Kwarter 2 Linggo 2)</td><td>Paggawa ng Pito<br><br>(Sumangguni sa Apendiks para sa panuto)</td><td>Pito Activity Sheet<br><br>(Sumangguni sa KLAS 5 ng Kwarter 2 Linggo 2)</td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td>Mga Gawain sa Grupo</td>
<td colspan="5">May mga inihandang gawain sa bataw grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw.<br><br>Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kumuha nga mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin (Sumangguni sa Apendiks para sa detalye ng mga gawain at sa KLAS para sa kopya ng ilang mga gawain).<br><br>Iba pang mga Early Language, Literacy, and Numeracy Activitites
<ul>
<li>Pagbilang at Pagtala ng mga Bagay sa Ating Silid-aralan (Sumangguni sa KLAS 6 ng Kwarter 2 Linggo 2)</li>
<li>Pagbuo ng Aking Paaralan gamit ang mga Bloke</li>
<li>Pagtutugma at Pagbibilang ng Tore ng mga Kulay</li>
<li>Mga Palaisipan sa Pagbilang at sa Numero</li>
<li>Igalaw Natin ang Letrang S</li>
<li>Nakapiring na pagsulat ng letra</li>
<li>Pagguhit ng mga Salitang Nagsisimula sa S</li>
<li>Aling Bagay ang Nagsisimula sa Letrang S (Sumangguni sa KLAS 7 ng Kwarter 2 Linggo 2)</li>
<li>Gumawa ng Thank You Card para sa Bisitang Tagalinis</li>
<li>Ano ang mas marami, mas kaunti, o pareho lamang?</li>
</ul>
Tala sa Guro: Hindi kailangang tapusin ang lahat na mga gawaing ito sa loob ng isang linggo. Siguraduhin lang na ang bawat bata ay makagagawa ng 4 o 5 gawain mula sa listahang ito.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td>
<td colspan="5">Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang iyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit (Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga ginamit.)<br>Kung kulang pa… Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat malinis at maayos na ang lahat.<br><br>Handa na ba kayong maglaro? (Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Teacher’s Guide particular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba’t ibang konsepto at baryasyon ng pagpapapila ng mga bata.)</td>
</tr>
<tr>
<td>Larong Snap-Clap</td>
<td>Paghahanap sa Letrang S</td>
<td>Bilangin ang Pagtalbog</td>
<td>Obstacle Course</td>
<td>Guro, Maaari Po Ba? (Teacher, May I?)</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">Pagkatapos ng sampung (10) minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam.<br><br>(Kapag tapos na ang sampung minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br><br>Maaari ding kantahin ang ‘Isa, Dalawa, Tatlo’ o iba pang kanta na puwedeng gamitin.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td rowspan="2">Wrap Up Time & Dismissal<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Awitin natin ang kantang (paalam) __________. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
<tr><td>Magbangging ng mga lugar sa ating komunidad kung saan maaari kayong matuto.<br>Magbanggit kung ano-ano ang mga maaari ninyong matagpuan at gawin sa mga lugar na ito.</td><td>Mayroong mga tao sa aking paaralan na mayroong iba’t ibang tungkulin o gampanin.</td><td>Magbangging ng mga gampanin ng mga miyembro ng paaralan.</td><td>Magbanggit ng mga paraan upang magkasundo- sundo ang mga bata.</td><td>Magbanggit ng mga natututunan ng mga bata sa paaralan at sabihin kung bakit mahalagang pumasok sa paaralan.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine: Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid.<br>(Paalalahanan ang mga bata kung may meeting ang mga magulang o di kaya kung may sulat para sa kanila, o di naman kaya kung mayroong takdang aralin para sa susunod na araw.)</td></tr>
</table>

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Pagninilayang Tanong** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin naman ang hindi nila masyadong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiyang pampagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang ginamit mo sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata r ito? | |
| E. Ano ang naging obserbasyon mo sa mga bata na gagamitin mo upang lalo pang mas mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

| Inihanda ni: | Nirebyu ni: | Pinagtibay ni: |
|---|---|---|
| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**Pagkilala sa mga tao sa Loob ng Paaralan**

Layunin: Makilala ang iba't ibang mga tao sa paaralan at ang kanilang ginagampanang gawain at responsibilidad. Mga Kagamitan:
Kuwaderno o papel, mga lapis o mga panulat at pangkulay
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral Tala sa
Guro:

1. Gumawa ng tsart at isulat sa malaking papel or likod ng lumang kalendaryo ang mga pangalan ng mga taong nakilala ng mga bata sa kanilang paglibot sa paaralan noong nakaraang kwarter. Kung mayroon pagkakataon, kunan din ng litrato ang mga taong ito at idikit ang kanilang litrato sa tabi ng kanilang pangalan.
2. Sa tabi ng pangalan, ilagay ang trabaho nila sa loob ng paaaralan.
3. Idikit ito sa dingding o sa pisara.




Pamamaraan:

1. Balikan at talakayin ang mga nangyari sa paglilibot ng klase sa paaralan noong nakaraang kwarter. Tulungan ang mga bata na matandaan ang mga pangalan ng mga taong kanilang nakilala sa paglilibot.
2. Talakayin ang ang mga gawain at responsibilidad ng nakilala nilang nagtratrabaho sa loob ng paaralan.
4. Gamit ang mga kuwaderno at/o mga papel, isusulat ng mga bata ang katungkulan ng mga taong nasa paaralan at iguguhit din nila ang mga gawain ng bawat miyembrong nakilala nila.
5. Mga taong maaaring talakayin: mga guro, mga tagalinis, mga nagtatrabaho sa opisina, mga katiwala sa aklatan at iba pa.

**Panayam sa Bisita: Tagalinis**

Layunin: Natututo ang mga bata tungkol sa ibang mga nagtatrabaho sa paaralan at anong tungkulin ang kanilang ginagampanan Mga Kagamitan: mga angkop na gamit ng mga tagalinis, papel, panulat
Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata sa klase.
Paghahanda:

1. Makipag-ugnayan sa isang tagalinis sa inyong paaralan, para sa panayam.
2. Magpaalam sa administrasyon ng paaralan at ayusin ang araw at oras ng panayam upang hindi makaabala sa gawain ng tagalinis. Isang linggo bago ang panayam sabihin sa mga bata na meron bibisita sa inyong klase. Sabihin ang kanyang pangalan at gawain sa paaralan.

Pamamaraan:

Bago ang panayam:

1. Gumawa ng KWLQ Chart. Kumuha ng isang malaking papel at hatiin ito sa apat na hanay (kolum).

2. Ang unang hanay *(Know - What do the children know?)* ay para sa mga kaalaman ng mga bata tungkol sa mga ginagawa ng mga tagalinis.
3. Ang pangalawang hanay (Want to know - *What do the children want to know?*) ay para sa mga bagay na nais malaman ng mga bata mula sa kanilang kakapanayamin. Ang mga ito ang kanilang mga itatanong sa panayam. Isulat ang pangalan ng bata sa dulo ng kanyang tanong.

Habang nasa panayam:

1. Paalalahanan ang mga bata na makining ng mabuti.
2. Itaas ang kamay kung may tanong sa bisita.
3. I-display ang KWLQ Chart upang maaring tawagin ang mga bata na nakaisip ng tanong. Hayaan magtanong ang bata sa tagalinis ng kanyang tanong.
4. Kumuha ng mga litrato at puwede rin ang video upang mai-document nang mabuti ang panayam.
5. Pagkatapos ng pakikipanayam, pasalamatan ang tagalinis at hikayatin din ang mga bata na magpasalamat. Pagkatapos

ng panayam sa tagalinis:

1. Sagutin ang pangatlong hanay (Learn - *What did the children learn?*), pag-usapan ito sa klase at tanungin ang mga bata kung ano ang mga natutunan nila mula sa panayam. isulat muli ang pangalan ng bata sa dulo ng kanilang sagot.
2. Bigyan ang mga bata ng papel at krayola para iguhit ang kanilang mga natatandaan o natutunan mula sa school visit. Kung kayang i-label ng bata ang kaniyang gawa hayaan ito. Kung hindi naman tanungin ang bata kung ano ang kaniyang ginuhit at isulat ito sa ibaba ng kanyang iginuhit.
3. Sa mas maliit na pangkat ng bata, pag-usapan din ang pang-apat na hanay *(Questions - What other questions do the children have after the interview?). Isulat ito sa pang-apat na hanay.*

**<u>Simon Says Laro kung paano Kumilos sa Paaralan</u>**

Layunin: Maintindihan kung paano sumunod at paano maging lider Mga
Kagamitan: wala
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan:

1. Ipaliwanag ang mga panuto ng Sabi ni Simon na kailangan nilang makinig at sumunod sa bawat sasabihin ni Simon.
2. Sa simula ang guro ang magiging Simon at siya ang magsasabi kung ano ang susunurin ng mga bata. Maaari itong iba't ibang klase ng galaw mag-isa tulad ng pagtalon, pagtaas ng kamay, pagsayaw, atbp. Maaari ring gawing galaw ang pag- grupo ng 1, 2, 3, atbp. Maaari ring galaw na puwedeng gawin ng 2-4 na tao, tulad ng pagtalon ng sabay-sabay, atbp.
3. Ipaaalala na kailangang sabihin ng lider o ni Simon ang salitang "Sabi ni Simon" bago sabihin ang panuto, at tsaka lamang gagawin ng mga bata ang kilos. Kapag hindi nabanggit ng guro ang "Sabi ni Simon" bago ibaba ang panuto, hindi dapat gagawin ng mga bata ang kilos.



4. Ang mananalo sa laro ay ang huling mag-aaral na nakasunod sa lahat ng panutong ibinigay kasama ang "Sabi ni Simon".
5. Pagkatapos maging Simon ng guro, maaari ring humanap ng bagong tatayong Simon upang siya naman ang maging lider na susundin ng mga kaklase.

**<u>Larawan ng ibang Bata sa Aking Paligid</u> (Takdang Aralin sa Q2 Week 1, Biyernes)**



Layunin: Mag-obserba ng paligid. Magpahusay ang mga kasanayan sa memorya. Mga
Kagamitan: Papel, panulat o pangkulay
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan:
1. Bigyan ng papel ang mga mag-aaral at pabaunan ng mga pangkulay o panulat.
2. Pag-usapan na ang bawat bata ay mag-oobserba ng mga batang makikita nila papunta o pauwi mula sa paaralan. Bigyan ng pansin ang mga batang hindi pumapasok sa paaralan at tingnan kung ano ang mga ginagawa nila. Maaaring tanungin ng mag-aaral ang sarili nilang magulang tungkol sa mga batang hindi pumapasok sa paaralan.
3. Kanilang iguguhit ang batang gusto nilang ikuwento sa klase. Iguhit din ang ginagawa nito, saan nakita, at sino ang kasama.
4. Pag-usapan kung ano ang kanilang naramdaman sa kanilang nakita at maaaring bigyan ng diin ang kahalagahan ng pagpasok sa paaralan.
5. Maaaring idikit ang mga iginuhit sa pisara o sa mga dingding ng silid-aralan.

**<u>Larong I-Spy Para sa Titik S</u>**



Layunin: Mag-obserba ng paligid.
Magsanay sa mga salitang nagsisimula sa Titik S.
Mga Kagamitan: Malaking papel, papel o kuwaderno, panulat o pangkulay Bilang ng Kasali:
Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan bago ang gawain:

Ihanda ang malaking papel na mayroong nakaguhit na iba't ibang gamit na makikita sa loob ng silid-aralan. Maaari ring iguhit ang mga ito sa harap ng mga bata sa pisara upang magkaroon ng pananabik at maaari rin nilang hulaan habang binubuo ang larawan.

Pamamaraan:
1. Sabihin sa mga bata na lalaruin ang I-Spy ng Titik S sa loob ng silid aralan.
2. Kung buo na ang larawan, isa-isa itong ipakita sa mga bata. Mag-uunahan sa pagturo ang mga bata sa mga bagay na ipapahanap ng guro. Kapag nahulaan na ang bagay o gamit, isusulat ng guro ang salita sa tabi ng larawan. Ito ay gagayahin ng mga bata at isusulat sa kanilang papel o kuwaderno.
3. Maaari ring ipa-baybay sa mga bata ang mga simpleng salita na alam ng guro na kaya ng ibang mag-aaaral na gawin.

**B. Iba Pang Early Language, Literacy Activities at Numeracy Activities**


**Paggawa ng Pito.**

Layunin: Makapagbilang at makapag-ensayo ng pagbuo ng pito (7).
Mga Kagamitan: papel na mayroon pitong kahong nakalarawan, mga nakagupit na bilog o ibang hugis (2 kulay), mga lapis at pangkulay Bilang ng Kasali:8-10 na bata
Pamamaraan bago ang gawain:


Ihanda ang papel na mayroong nakalarawang 7 kahon at siguraduhing lahat ng mga bata lalahok ay mayroon kopya nito. Maghanda rin ng sapat na mga nakagupit na hugis para sa pagbuo ng 7 para sa lahat ng kalahok. Gumamit ng 2 kulay para sa mga hugis.

Pamamaraan:
*Note to translator, please translate the following

1. Children work in triads. Have the children do as many sets as they can.
2. Paste seven circles in the frame. Use two colors. Write the number of the circles below. This is what the teacher will prepare which she will distribute to the triads:




This is what it looks like after the children have answered, and their works gathered together in a chart:




**Pagbilang at Pagtala ng mga Bagay sa Ating Silid-aralan**

(Sumangguni sa KLAS 7 ng Kwarter 2 Linggo 2)
Layunin: Makapagbilang at makapagensayo ng pagsusulat ng numero at mga salita. Mga Kagamitan: Worksheet 6 ng Kwarter 2 Linggo 2, mga lapis at pangkulay
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan bago ang gawain:

Ihanda ang worksheet at siguraduhing lahat ng mga bata ay mayroon kopya nito.

Pamamaraan:

1. Magbibigay ang guro ng kapirasong papel at lapis sa bawat mag-aaral. Bawat mesa ay magkakaroon ng mga pangkulay na maaari nilang paghatian.

2. Pipili ang guro ng apat na bagay na maaari niyang talakayin, iguhit, at bilangin. Halimbawa: pintuan, lamesa, bintana, pisara
3. Isa-isang ipakita ang mga bagay na bibilangin ng mga bata at idikit ang larawan sa pisara. Sasabihan ang mga bata na hanapin ang lahat na kanilang makikita at ito ay kanilang bilangin. Itatala ang bawat makita sa pisara. Susundan din ng mga bata ang tala sa kanilang sariling papel. Kapag tapos na ang pagbilang, tutulungan ng guro bilangin ang lahat ng naitala at humanap ng boluntaryong magsusulat ng kabuuang bilang sa pisara. Sumangguni sa ilustrasyon.
4. Tanungin ang bata kung anong letra ang kulang sa naka-baybay na salita. Pagkatapos ay isusulat ito ng buo sa pisara ng guro o ng isang boluntaryo.
5. Isusulat din ng mga bata ang nabuong salita sa kanilang worksheet.



**<u>Pagbuo ng Aking Paaralan gamit ang mga Bloke</u>****

Layunin: Mabatid ang mga katangian ng *3-dimensional space* at mga anyo nito
Maipakita ang ugnayang spatial nga hugis at anyo
Ma-ensasyo ang pagbubuo ng mga estruktura gamit ang mga bloke


Mga Kagamitan: lamesa o sahig, mga bloke o mga kahong maliliit tulad ng kahon ng posporo, papel, mga pangkulay, Mapa ng Paraalan

Bilang ng Kasali: 8-10 na bata

Pamamaraan

1. Gagamitin ng mga mag-aaral ang lamesa o mga bloke sa sahig upang bumuo ng mga estruktura na nakita nila sa paaralan. Maaari silang sumangguni sa Mapa ng Paaralan.
2. Habang bumubuo ng mga estruktura, hinihikayat ang mga mag-aaral na pag-usapan ang tungkol sa mga katangian ng blokeng ginagamit nila (hal. mahaba/maiksi, mabigat/magaan) at tungkol sa ugnayan ng mga bloke sa isa't isa (hal. itong dalawang bloke ay makakabuo ng isa, itong mahabang bloke ay ilalagay ko sa taas/kaliwa/kanan nito, atbp.)
3. Maaari ring hikayatin ang mga bata na bumuo ng mga estruktura batay sa kung anong mga nakita nila sa paglilibot nila sa paaralan. Puwede nilang lagyan ng pangalan ang mga estrukturang ito gamit ang papel at mga panulat.

**Gawain mula sa National Kindergarten Curriculum Guide 2011




**<u>Pagtutugma at Pagbibilang ng Tore ng mga Kulay</u>**

Layunin: Matuklasan ang mga kulay, pagbibilang, pagkilala sa mga numero at ang kaisahan Matuklasan ang mga numero at ang mga kaisahan nito

Mga Kagamitan: 8-10 na kard ng numero na mayroong larawan ng makukulay na blokeng nakabatay sa numero nito o mga ginupit na papel sa parisukat na may marami ding kulay

Bilang ng Kasali: 8-10 na bata

Pamamaraan:


1. Maghahanda ang guro ng 8-10 na kard ng numero na mayroong larawan ng makukulay na blokeng nakabatay sa numero nito. Bawat grupo ng mga bata ay mabibigyan ng mga bloke o mga ginupit na parisukat na papel na may iba't ibang kulay.

2. Bawat bata ay mabibigyan din ng kard upang makopya gamit ang mga bloke o ang mga parisukat na papel.
3. Pagkatapos na magawa ito ng matagumpay, maaaring makipagpalitan ang mga bata sa kanilang mga kagrupo upang masubukan ang ibang bilang.
4. Maaari rin nilang bilangin ang mga bloke o parisukat pagkatapos ay sabihin ang pangalan ng numero.

**<u>Mga Palaisipan sa Pagbilang at sa mga Numero</u>**

Layunin: Matuklasan ang pag-eensasyo sa pagkilala ng mga numero, pagbibilang at ang kaisahan ng mga ito. Mga Kagamitan:
8-10 kard na mga palaisipan ng iba't ibang numero
Bilang ng Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan bago ang gawain:

Gumawa ng kard na may isang puno na ang bilang ng bunga (halimbawa: mangga) ay akma sa numerong nakasulat sa katawan ng puno. Gupitin ang kard sa gitna upang malikha ang palaisipan sa numero.





Pamamaraan:

1. Ilagay ang lahat ng piraso ng palaisipan sa gitna ng lamesa ng mga bata.
2. Bawat bata ay susubuking pagtugmain ang mga piraso ng palaisipan.
3. Maaaring hikayatin ang mga batang magbilang ng sabay-sabay ng mga prutas na makikita sa puno at pangalanan ang numerong nakasulat sa katawan ng puno.
4. Maaari ring makipagpalitan ang mga bata ng palaisipan at subukan ang iba.

**<u>Ano ang marami, mas kaunti, o pareho lamang*</u>**

Layunin: Pagsasanay sa pagbibilang at pag-unawa sa mga numero
Mga Kagamitan: Mga pamilang, tarheta ng iba't ibang numero na merong nakaguhit na katumbas na dami ng mga hugis na bilog sa tabi, tarhetang mayroon nakaguhit na <, >, at =
Bilang ng Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan


1. Ang mga batang kasama sa lamesa o naka-grupo ay hahanap ng kapareha at bawat magkapareha ay bubunot ng tig-isang tarheta na mayroong numero.
2. Gamit ang kanya-kanyang pamilang, bibilangin ang nakasulat na numero o gayahin ang bilang ng bilog sa tabi ng numero.
3. Kapag tapos na ang pagbuo ng numero, paghahambingin ng magkapareha kung aling numero ang mas marami, mas kaunti, o magkapareho lamang. Ilalagay ang tarhetang <,>, at = sa gitna ng 2 numerong pinaghambing upang ipakita ang tamang tandang gagamitin.
4. Ang bawat magkapareha ay bubunot ng 3-5 tarhetang paghahambingin.



**Igalaw Natin ang Titik S**

Layunin: Makilala ang malaki at maliit na letrang S; pagsasanay sa galaw ng paa, katawan, mata, at kamay Mga Kagamitan:
malaking papel o likod na lumang kalendaryo; 1 metro at 3 metrong lubid o tali
Bilang ng Kasali: lahat ng mag-aaral
Pamamaraan:

1. Ipakita sa mga bata kung paano magsulat ng malaki at maliit na letrang S sa pisara at hayaan ang mga mag-aaral na matukoy kung anong letra ito. Maaari mo ring tanungin ang mga bata tungkol sa tunog nito.
2. Tanungin ang mga bata tungkol sa mga salitang nagsisimula sa letrang S.
3. Ipakita ang tali sa mga bata at ipaliwanag na kagaya ng pagsusulat sa pisara, maaari rin silang gumamit ng tali upang makabuo ng mga letra.
4. Bago buoin ang letrang S gamit ang tali, sabihin sa mga bata na sundan ang malaki at maliit na letrang S gamit ang kanilang mga mata, pagkatapos ay mga daliri naman nila sa hangin, gamit din ang kanilang katawan, at mga daliri sa paa sa sahig.
5. Ngayon, sabihin na sa mga batang bubuoin nila ang letrang S gamit ang tali. Pagkatapos, tatapakan nila ang tali at maglalakad habang sinusundan ang letrang S.
6. Palakarin ang mga bata sa letrang S nang paisa-isa.
7. Pagkatapos ng lahat, sabihin na gamit ang maiksing tali maaaring makabuo naman ng maliit na letrang s. Gamit ang mas maikling tali, buuin ang maliit na s sa tabi ng malaking S.
8. Palakarin muli ang mga bata sa maliit na s. Pagkatapos nito, tanungin ang mga bata kung nasaan ang malaki at maliit na letrang s. Alin sa dalawa ang nangailangan ng mas maraming hakbang? Tanungin din kung ano ang naramdaman nila sa kanilang mga paa at katawan habang naglalakad sa malaki at maliit na letrang s.



**Nakapiring na Pagsulat ng Titik S**



Layunin: Maaaring maging pamilyar sa titik S Mga
Kagamitan: papel, panulat, 4 na piring Bilang ng
Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan:

1. Ipapakita ng guro kung papaano magsulat ng titik S sa pisara.
2. Magkakaroon ng kapares ang mga bata. Bawat isa sa kanila ay magpapalitan sa pagkakapiring.
3. Kokopyahin ng kapares nito ang titik S at ibabakat ito sa likod ng nakapairing na bata. Susubukin naman ng nakapiring na isulat ang titik S sa papel habang nananatiling nakapiring.
4. Magpapalitan sila ng gampanin upang masubukan ng isa na makapagsulat ng titik S habang nakapiring.
5. Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang nararamdaman habang isinusulat ang titik S ng nakapiring. Madali ba ito o mahirap? Naalala niyo ba ito o nakasunod naman kayo sa ibinakat na titik sa inyong mga likod?

**Pagguhit ng mga Salitang Nagsisimula sa S**

Layunin: Aralin ang mga salitang nagsisimula sa letrang S. Mga
Kagamitan: Papel, panulat, at pangkulay
Bilang ng Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan:

1. Tanungin ang mga bata kung anong mga salita ang nagsisimula sa letrang S.
2. Isulat ang mga tamang salita sa pisara.
3. Piliin ang mga salitang isusulat ng mga bata. Maaari ring iguhit ang larawan ng salitang mapipili sa tabi ng nakabaybay na salita.
4. Maaaring ipaguhit sa mga bata sa kanilang mga papel ang mga nakaguhit sa pisara. Maaari ring kopyahin ang nakabaybay na mga salita ng mga iginuhit nilang larawan.

**Aling Bagay ang Nagsisimula sa Letrang S?**

Layunin: Aralin ang mga salitang nagsisimula sa letrang S.
Mga Kagamitan: KLAS 8 ng Kwarter 2 Linggo 2 ng mga nakaguhit na iba't ibang bagay, pangkulay Bilang ng Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan bago ang gawain:

Ihanda ang worksheet at siguraduhing lahat ng mga bata ay mayroong kopya nito.

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng worksheet 8.
2. Ipaliwanag sa kanila na kailangan nilang kulayan ang mga bagay na nagsisimula sa letrang S ng kulay berde. Ang mga bagay naman na hindi nagsisimula sa S ay kukulayan nila ng pula.




**Paggawa ng Thank You Cards para sa Bisitang Tagalinis**

Layunin: Magkaroon ng kaugaliang mapagpasalamat Mga
Kagamitan: Papel, panulat, at pangkulay
Bilang ng Kasali: 8-10 na bata
Pamamaraan:

1. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang nagustuhan nila mula sa pagbisita ng Tagalinis.
2. Kung kayang isulat ang kanilang nagustuhan, maaaring isulat ito.
3. Gumuhit ng kanilang nais na ibahagi sa kanilang bisita. Maaaring mula ito sa naging kuwento ng Tagalinis o ang kanilang gustong larawang ibigay mula sa kanilang imahinasyon.

## C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan

**Snap-Clap Game**



Layunin: Makilala ang mga pagkilos kasabay ng ritmo at mga fine motor movements
Makapag-ensayo sa pagpopokus
Mga Kagamitan:
Bilang ng Kasali: lahat ng mga bata
Pamamaraan:

1. Ang lahat ay uupo nang pabilog at i-cross ang mga binti.
2. Ipaliliwanag ng guro na papalakpak ang mga bata sa kung ilang beses ipinitik ng guro ang kaniyang mga daliri.
3. Maaari ring subukin ng mga mag-aaral ang pagpitik ng kanilang mga daliri sa bilang kung ilang beses ipinitik ng guro ang sa kaniya.

**Paghahanap sa Letrang S**

Layunin: Magsanay sa paghahanap sa letrang S; maensayo ang mga galaw lokomotor Mga
Kagamitan: maliliit na piraso ng papel na may malaking S at maliit na s
Bilang ng Kasali: 12 na bata kada ikot
Pamamaraan bago ang gawain:

1. Isulat ang malaking S at ang maliit na s sa maliliit na piraso ng papel, tig-25 na piraso o siguraduhing lahat ng bata ay makakakuha ng tig-iisa. Gumawa rin ng ibang letra upang malaman kung kayang hanapin ang letrang Ss.
2. Idikit ang mga piraso ng papel sa loob ng silid-aralan sa magkakaibang mga lugar.
3. Sa pisara, isulat ang malaking S sa isang hanay at ang maliit naman na s sa isa pang hanay. Pamamaraan:

1. Ipaliwanag sa mga bata na mayroong mga letrang s sa loob ng silid-aralan. Kailangan nilang gawin para sa laro ay hanapin ang lahat ng ito at ilagay sa tamang hanay na nasa pisara. Gagawa ang guro ng tatlong grupo ng hanay.
2. Hatiin ang klase sa mga grupo na mayroong tig-aapat na miyembro. Bawat pangkat ay susubukang makakolekta ng maraming S at ilagay ito sa tamang hanay ng malaki at maliit na S.
3. Ang grupong pinakamabilis at may pinakamaraming tamang nailagay sa hanay ang tatanghaling panalo.

**Bilangin ang Pagtalbog**

Layunin: Maensayo ang mga galaw na lokomotor, pagpopokus, pagbibilang at ang kaisahan nito. Mga Kagamitan:
10 na mga bola

Bilang ng Kasali: 8-10 na bata

Pamamaraan

1. Magbibigay ang guro ng bola sa bawat lalahok na mga bata at ipaliliwanag niyang patatalbugin lang ang bola batay sa kung ilang beses pinatalbog ng guro ang kaniyang bola. Guro muna ang mauunang magpatalbog ng bola at susubukan ng mga batang matandaan kung ilang beses itong tumalbog.
2. Magbibilang ang bawat isa habang pinapatalbog ng guro ang bola. Itatanong ng guro sa mga bata kung ilang beses napatalbog ang bola bago subukan ng mga bata na magpatalbog din.
3. Ang bawat isa ay magkakaroon ng tigtatlong pagkakataon sa pagpapatalbog ng bola kasama ang guro.
4. Pagkatapos ng isang ikot, gagawin din ito ng ibang mga bata.



**Obstacle Course***

Layunin: Maensayo ang mga kilos na lokomotor. Mga
Kagamitan: upuan, mesa, blocks at lubid o tali Bilang ng
Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan bago ang gawain:

Ayusin at maglagay ng mga tali, upuan, lamesa at mga blocks bilang *obstacle course* para sa dalawang grupo. Kung maliit ang silid-aralan, maaari rin itong gawin sa labas o sa palaruan. Kapag sa labas, maaaring gumamit pa rin ng lubid o tali, mga bato o piraso ng semento, o mga mahahanap na piraso ng kahoy

Pamamaraan:

1. Pangkatin ang mga bata sa dalawang grupo at papilahin sila.
2. Bawat bata ay dadaan sa obstacle course sa pamamagitan ng pagdaan sa ilalim ng mesa, pag- ikot sa mga upuan, pagtalon sa mga blocks, at pagbabalanse sa mga tali.
3. Ang susunod na bata sa kanilang grupo ay makapagsisimula lamang sa obstacle course kapag nakatapos at nakabalik na sa kanila ang nauna nilang kamiyembro.
4. Ang pangkat na unang matatapos ang mananalo sa laro.

**Guro, Maaari Po Ba?**

Layunin: Maensayo ang mga galaw na lokomotor, pagpopokus, pagbilang at ang kaisahan ng mga ito. Mga Kagamitan:
Bilang ng Kasali: Lahat ng mag-aaral
Pamamaraan

1. Lahat ng bata ay pipili sa likuran ng silid-aralan. Mapipili ang isang bata bilang ‘guro’ at tatayo 20 feet ang layo sa harap ng iba pang mga bata. All the children will line up at the end of the room. One child will be chosen as the ‘teacher’ and stands 20 feet in front of the other children.

2. Tatawag ang 'guro' ng limang bata at magsasabi ito ng kilos na kailangang nilang itanghal gaya ng *tatlong baby steps,* apat na lakad-bibi*, dalawang scissors steps, isang giant step, atbp*. Ang napiling mag-aaral ay dapat munang sabihing, "Guro, maaari po ba?" bago gawin ang pagkilos at makalapit sa 'guro' o kailangan nilang bumalik sa umpisa ng linya.
3. Sa bawat pagtatapos ng grupo ng mga bata, kailangang makapili ang 'guro' ng iba pang 5 mga bata upang gumawa ng panibagong mga kilos.
4. Ang unang makatapos at makarating sa 'guro' ang magiging bagong 'guro'.

*Gawain mula sa National Kindergarten Curriculum Guide 2011

**D. Mga Kanta at Tula**

| **Tayo'y Magligpit** | **Tula: Mga Nagagawa ko sa School *** | **Tula: Tayo'y Magligpit *** |
|---|---|---|
| Awitin sa himig ng *"Farmer in the Dell"*<br>*Titik ni Theresa Mora*<br><br>Tayo'y magligpit Tayo'y<br>magligpit Pagtapos<br>maglaro, tayo ay<br>magliligpit. Pagtapos<br>maglaro Pagtapos<br>maglaro Tayo'y<br>magliligpit<br>At tayo'y kakain (mag-aaral/uuwi). Panuto:<br>Maaaring gamitin ito sa tuwing oras ng pagliligpit.<br>Maaaring palitan ang huling<br>salita ng huling taludtod<br>para sa susunod na gawain. | Mga nagagawa ko sa paaralan<br>Sa tuwina'y papasok, dito sa paaralan Sa<br>aming pagdating, lahat kami masaya<br>Gumuguhit, nagkukulay, sumasayaw,<br>kumakanta<br>Mayroong kwentuhan, at naglalaro pa.<br><br>Lumulukso't nagtatawanan kaming magkakaibigan<br>Mayroon pagbibilang, kainan ng sabay- sabay.<br>Itong aming guro, mahinahon kung<br>magsaway.<br>Hindi kami tinatakot, kundi inaalalayan.<br><br>Kaya aming pakiramdam, kay inam na tunay.<br>Sa aming pag uwian, walang unahan at tulakan.<br>Ang aming mga sundo, nakangiting tunay. Nasasabik<br>sa pagbalik, sa kinabukasan<br><br>*Tula galing sa National Kindergarten<br>Curriculum Guide 2011 | Tayo na't magligpit<br>Magsaya't, umawit<br>Mga kagamitan, Ay<br>ating hugasan.<br><br>Laging iingatan<br>Ang anumang bagay Huwag<br>sanang mabasag Nang 'di<br>masugatan.<br><br>*Tula galing sa National Kindergarten Curriculum Guide 2011 |

**<u>Tula: Sa Aming Paaralan</u>**
Sinulat ni Theresa Mora

Sa aming paaralan,
Kay daming taong nakikita, Kay
daming taong tumutulong. Ano ang
kanilang ginagawa?
Ano ang kanilang kuwento?

Nandyan ang aming Guro, Nagtuturo,
buong tiyaga at sipag, Sinusulat ang mga
numero,
At binibigkas ang mga letra.

Nandyan ang mga Ate at Kuya, Tagalinis
ng buong tiyaga at sipag Mga kalat ay
winawalis,
Alikabok ay pinupunasan.

Nandyan ang Katiwala ng Aklatan, Buong
tiyaga at buong sipag, Inaayos ang mga
libro,
Upang kami'y maraming mababasa.

Nandyan ang Tagapagluto, Nagluluto ng
buong tiyaga at sipag, Kay sarap ng mga
pagkain
Aming matitikman at makakain.

Nandyan ang aming Guwardya
Nagbabantay buong tiyaga at sipag
Inaalagaan ang paaralan,
Pati na rin kaming mga bata.

Sa aming paaralan
Kay daming taong nakikita Kay
daming taong tumutulong Upang
ako ay lumaki
Upang ako ay matuto.

*Panuto*:Maaaring pumili ng isa o dalawang miyembro (1-5) ng paaralan sa tuwing bibigkasin ang tula upang hindi masyadong mahala.